

Night Of Secrets

1

Gina's morning started happily. Kaliwa't kanan ang natanggap niyang mga pagbati ng 'Congratulations' mula sa mga kaopisina. All her hard work and perseverance had finally paid off. She had just closed the biggest and largest contract their communication firm has ever had.

Ngunit habang pataas nang pataas ang sinasakyang scenic elevator at nakikita ang kabuuan ng kapaligiran sa loob ng condominium na iyon, hindi niya maiwasan na unti-unting mabale-wala ang bagong nakamit na tagumpay.

Pabuntong-hininga siyang napasandal sa glass wall niyon. Matagal na niyang pinapangarap na manirahan at mabuhay nang marangya sa ganitong lugar. *Center of the Orient Tower* is the most prestigious condominium sa buong Pilipinas.

Matagal pa iyon, pero huwag kang mawalan ng pag-asa, Gina. Kaunting tiyaga pa't dagdag na pagsusumikap, matutupad mo rin ang pangarap mo. She shifted her weight to her other leg and waited patiently habang patuloy sa pagtaas ang elevator. She needed to get to the top level na pag-aari ng matalik

niyang kaibigang si Corinne Nieva.

Maria Cornelia Anne Nieva ang buong pangalan ng bilyonaryang dalaga. Kaisa-isa itong anak at tagapagmana ng naiwang ari-arian, mga kompanya, negosyo at kayamanan ng mga magulang.

Hindi na matandaan pa ni Gina kung kailan at paano sila nito naging matalik na magkaibigan. Ang tanging alam lamang niya, minsan lamang silang nagkita nito at kaagad nang nagkahulihan ng loob.

Mula noon ay para na silang mga batang sabik sa isa't isa. Palagi na silang magkasama at magkaramay sa halos lahat ng bagay. They've become the very best of friends. Malaki man ang agwat ng estado ng kanilang buhay, hindi iyon naging hadlang. Lalo na kay Corinne. Born with a silver spoon in her mouth, she never worked in her entire life. Everything was practically and literally handed to her in a silver platter.

Magkaganoon man, Corinne was the most humble person she had ever known. Wala na yatang tatalo sa kabaitan nito, sa pagtulong at pagdamay sa mga nangangailangan.

May isa itong katangian na madalas niyang ikainis. Wala itong kahilig-hilig sa negosyo o sa kahit

na anong career man lang. Hindi naman tamad si Corinne, hindi rin maluho o bulagsak sa pera. Iisa lamang ang hilig nito sa buhay—ang gumawa ng mga charity works at magbigay ng serbisyo sa mga tao. Doon ito active na active.

“Gina! I am so glad to see you, come in!” magiliw na salubong at bati ni Corinne matapos buksan ang pinto at makita siya. Niyakap siya nito at ginawaran ng halik sa magkabilang pisngi.

Kadarating lamang nito mula sa Italy kung saan nagbigay ito ng personal na tulong sa ilang Filipinang nabiktima ng illegal recruiters. Pinangakuan ang mga ito ng magandang trabaho, pero pagdating doon ay ibinenta para maging prostitutes. Halos apat na buwan din itong namalagi sa Italy.

“Kumusta ang misyon mo?” tanong niya.

“Successful naman. Naisama naming lahat ang mga biktima pauwi rito,” sagot nito habang hatak siya sa isang kamay papunta sa living room ng malaking condominium unit.

“Nagugutom ka na ba? Nasa oven pa ang roasted lamb. Ilang minuto na lang ay maluluto na iyon,” anito. “Maupo muna tayo at magkuwentuhan.”

“What’s wrong? Mukhang matamlay ka.

Napapagod ka na yata. Magpahinga ka na muna. Babalik na lang ako bukas.”

“No. Kanina pa kita hinihintay. I need someone to talk to, at alam mo namang sa iyo lang ako nagko-confide,” anito, halata ang lungkot sa tono ng boses.

“Ano’ng problema?”

“Wala naman. Mayroon lang nangyaring hindi maganda habang nasa Italy ako. Hanggang ngayon ay ayaw akong patahimikin ng konsyensya ko.”

“Ano iyon?” napakunot-noong tanong niya.

“I met a man, isa ring Filipino. Mabait siya, guwapo, at sa tingin ko nga’y na-love at first sight ako sa kanya.”

Natawa siya at napailing. Hindi niya maunawaan kung bakit pagdating sa lalaki, napakamahiyain na ay insegured pa ito. Napakaraming manliligaw ng dalaga, pero ni isa ay wala itong napupusuan o binibigyan man lang ng interes. “Akala ko nama’y kung ano na. Sa ganda mong iyan, huwag mong sabihin na hindi siya naakit din kaagad sa iyo?”

“Iyon nga ang problema. Pareho naman kaming na-attract agad sa isa’t isa. At niligawan niya ako the very next day matapos kaming magkakilala. Mahal

na mahal na raw niya ako.”

“Talaga? Mabilis ang loko,” biro pa niya. Natutuwa siya para sa kaibigan. “So, ano’ng ginawa mo? Sinagot mo na ba?”

“Hindi!”

“Bakit? Ang akala ko ba’y gusto mo rin siya?”

“Oo nga, pero hindi naman ganoon kadali iyon. Hindi ko pa siya gaanong kilala.”

“Kung sabagay, tama ka roon. Malay mo ba kung anong klase ang pagkatao niya.”

“Iyon na nga rin ang iniisip ko. Mabuti na rin lang dahil hindi ko naman pala pagsisisihan. Dahil nang lumaon, nalaman kong kaisa-isa siyang anak ng isang mayamang Filipina roon sa Italy. And he has this uncle na nakatira sa Austria, pero madalas sa Italy.”

“So what kung mayaman siya?”

“Umentra sa eksena ’yong tiyuhin niya.”

“Ano’ng ibig mong sabihin?”

Ayon kay Corinne, hindi ito lubos na nagpakilala kay Simeon, ang lalaking nakilala nito sa Italy. Hiniram at ginamit ni Corinne ang pagkatao at pati na rin ang kanyang pangalan. Nagpanggap itong

isang career woman na nakarating lamang sa Italy dahil nanalo sa isang raffle contest.

“Bakit mo ginawa iyon?” tanong niya.

“Ewan ko. Dahil siguro gusto kong ma-impress sa akin si Simeon. Malaki ang paghanga niya sa career-minded women na tulad mo.”

“Go ahead. Ano’ng ginawa n’ong tiyuhin niya matapos kang makilala?”

“Iyon nga ang masakit. Ni minsa’y hindi pa naman kami nagkakakilala ng matandang iyon. Basta ang kuwento lang sa akin ni Simeon, ubod daw ito ng istrikto, walang utos na nasusuway na parang hari. Anyway, the old man sent me a letter, telling me to stay away from Simeon. Hindi raw ako ang unang babaeng nagtangkang pagsamantalahan at lokohin ang kanyang pamangkin. Pinalalabas niyang pera lang ang habol ko.”

“May pagkabastos naman pala. Hindi ka pa niya lubusang nakikilala’y nahusgahan ka na niya. Hindi ka man lang hinarap nang pormal.”

“Wala raw siyang panahon at interest na makita pa ako o makilala nang personal dahil mas marami pa siyang mas mahahalagang bagay na dapat pag-aksayahan ng panahon. Pare-pareho lang naman daw

ang hitsura ng mga manlolokong katulad ko.”

“Ano naman ang sinabi o ginawa ni Simeon? Ipinakita mo ba ang sulat ng tiyuhin niya sa iyo?”

“Oo, naroroon daw siya nang ginawa ang sulat. Pinabasa pa nga raw sa kanya.”

“Ano? Hindi ka man lang niya ipinagtanggol o hindi man lang pinigilan ang tiyuhin niyang ipadala sa iyo ang sulat?”

“Wala. Unawain ko na lang daw ito.”

Mas lalo siyang nakadama ng inis at galit. “Ipinagtapat mo sana kung sino ka talaga.”

Malungkot na umiling si Corinne. “Hindi ko na ginawa. Sobra akong nasaktan sa reaksyon ni Simeon. Sinabi ko na lang sa kanya na huwag na kaming magkita kahit kailan.”

“Tama ang ginawa mo, Corinne. Hindi ang mga katulad niyang walang backbone ang bagay sa iyo.”

“Alam ko. Kaya nga kahit anong pilit niyang makipagkita sa akin uli matapos n’ong huli ay hindi ko na siya pinagbigyan. I felt it was useless to go on seeing him. Kahit nagbanta siyang magsu-suicide, hindi ko pa rin siya pinagbigyan. Alam ko namang hindi niya magagawa iyon dahil mas mahal niya ang

sarili niya kaysa kahit kanino.”

“Iyon naman pala’t nagawan mo na ng solusyon, ano pa ang pinuproblema mo?”

“Hindi ko mapigilan ang ma-guilty. Alam mo namang ayokong nakakasakit ng damdamin.”

“Sister, paminsan-minsan ay kailangang mangyari iyon para matauhan ang mga taong tulad nila na ang tingin sa sarili nila’y diyos dito sa lupa. Kalimutan mo na sila.” Tumayo na siya at nag-aya nang kumain.

Para talagang hindi ganoon naging kadali kay Corinne ang basta kalimutan ang mga nangyari. Halos ilang linggo na ang nakalipas ay madalas pa rin niya itong nakikita na nakatingin sa malayo at tila nag-iisip nang malalim. Duda niya ay talagang nasaktan at naapektuhan ito dahil totoong na-love at first sight ito sa Simeon na iyon.

Biyernes ng gabi, nag-uumapaw sa kaligayahan at excitement si Gina nang sadyain si Corinne. Pupunta siya sa Venice. Napili siya ng kompanya nila bilang representative sa annual convention ng communication industry.

Tuwang-tuwa din si Corinne para sa kanya.

“Venice is such a wonderful place, natitiyak kong mag-e-enjoy ka roon nang husto.”

“Excited na excited na nga ako. Pakiramdam ko hindi na ako makakatulog pa hangga’t hindi ako nakakaalis,” natatawa pa niyang biro.

“Ikaw naman kasi. Matagal ka na sanang nakarating doon. Ilang beses na kitang niyayang magbakasyon tayo roon, panay ang tanggi mo. Sagot ko naman lahat ng gastos. Parang iba akong tao sa iyo.”

“Magtatampo ka na naman ba? Tumigil ka na nga,” natatawa pa niyang sabi. “Alam mo namang I really appreciate your generosity. Pero ayoko namang samantalain ang pagiging magkaibigan natin. Maraming mas importanteng mga bagay na dapat kang pagkagastusan.”

“Ang sabihin mo, ma-pride ka lang. Ayaw mong isipin ng mga tao na pinagsasamantalahan mo ako,” paimid nitong sabi. “Ano ba ang pakialam nila sa atin at sa pera ko? Mula nang maging magkaibigan tayo, ni minsan, kahit isang beses ay wala kang hiniling na pabor o kahit anong materyal na bagay mula sa akin. Ako pa nga ang madalas humingi ng pabor sa iyo.”

“Wala iyon. Napakaliliit namang bagay niyon,

kayang-kaya kong gawin para sa iyo. Pero pagdating sa pera, sa mata ng ibang tao, lalo na ang mga kamag-anak mo't mga kaibigan, iba na iyon. Iniiwasan ko lang na pagdudahan nila ako.”

“Gina, walang kapantay na halaga ang kaligayahan na nakukuha ko mula sa pagiging magkaibigan natin. You’re the kindest and sincerest friend I have, and I will do everything to make you happy.”

“Alam ko. Ganoon din naman ako sa iyo.”

“Then let me do you favors from time to time. Talagang nakakasama ng loob ko ’yong palagi mo na lang akong tinatanggihan. Pakiramdam ko’y wala akong kasilbi-silbi sa iyo.”

“Ikaw talaga, napakadrama mo. Siya sige, tama na ang tampu-tampong iyan. Kapag talagang nangailangan ako ng kahit ano, ikaw ang unang-una kong tatakbuhan at hihingan ng pabor.”

“Promise?” paniniyak pa nito.

Natawa siya. “Oo, promise, cross my heart.”

“Then, patutunayan mo sa akin ngayon.”

“Ha? Paano? Wala pa naman akong kailangan.”

“Mayroon! You need a new wardrobe para sa

pagpunta mo sa Venice!”

“Corinne....”

“Nangako ka, Gina. Hindi mo ako tatanggihan.”

Napabuntong-hininga na lang siya. Ayaw niyang magtampo na naman at saktan ang kalooban ng kaibigan. “O sige, papayag ako’t tatanggapin lahat ng ibibigay mo sa akin ngayon. Pero may kapalit.”

“Ano?”

“Ipangako mo sa akin na titigilan mo na ang pag-iisip mo sa mga nangyari sa Italy. Tulad ng sinabi ko noon, wala kang dapat ika-guilty sa sinabi mo’t ginawa kay Simeon. He only got what he deserve. Dahil kailangan niyang matutong manindigan paminsan-minsan para sa sarili niya.”

Sandaling natahimik ito at ngumiti pagkatapos. “Iyon na nga rin ang naisip ko.”

“Mabuti naman.”

2

Habang palapit ang pag-alis niya patungong Venice, mas lalo lamang nadaragdagan ang excitement ni Gina. Ngunit nang dumating ang araw na iyon at nasa airport na siya, bigla siyang kinabahan na para bang gusto na niyang umurong.

Noon lamang niya na-realize ang laki at bigat ng responsibilidad na nasa kanya bilang representative ng kanilang kompanya sa convention. *Kaya ko kaya? Baka magkalat ako roon at mapahiya.*

The next few hours were just like a dream for her. Pakiramdam niya ay hindi lamang naging napakahaba ng biyahe kundi nakakainip pa. Ginugol na lamang niya ang lahat ng oras ng paghihintay sa pagtulog at pagdarasal na sana ay maging maayos ang lahat hanggang sa makabalik siya sa Pilipinas.

Sa isang first-class hotel siya mamamalagi kasama ng ibang mga representatives na dadalo sa convention. Doon din gagawin ang nasabing convention. And the wonderful part is, may pagkakataon din siyang maglibot. A sightseeing tour had been arranged for

the participants. At may inihanda ring luxury cruise para sa kanila.

During the evening, sa registration table ng participants ay nakilala niya ang ilan pang mga Filipino na ipinadala rin ng kani-kanilang kompanya. Agad niyang nakagaanang loob sina Elaine, Jimmy at Raquel.

“Talaga namang nalulula yata ako sa bongga ng convention na ito, nakakailang! Pakiramdam ko’y bawal magkamali sa kilos at pananalita. Mabuti na lang at nakilala ko kayo kaagad, I really feel that we’re all in the same wavelength,” sabi ni Raquel.

“Tama iyang sinabi mo, Raquel. Paano naman kasi, tayong apat lang yata ang mukhang medyo bata-bata ang edad. Puro gurang na ang mga kasama natin,” biro ni Jimmy, sabay tawa.

Natawa din ang tatlong babae. Karamihan sa participants ay foreigners mula sa kung saan-saang parte ng mundo. At tulad ng sinabi ni Jimmy, halos lahat ay puro matatanda ang edad sa kanila.

“Ah, basta ako, wala akong pakialam sa kanila. Susulitin ko talaga ang pagkakaipunta ko rito. Wala akong pakialam sa convention. Napakarami ko nang nadaluhan at pare-pareho rin naman. Ang

mahalaga'y ang privileges na nakukuha ko. First class accommodation, service, at higit sa lahat, ang libreng pamamasyal," pahayag ni Elaine.

"Ako rin! Excited na ako sa luxury cruise this weekend," ani Jimmy.

Right after dinner, nag-umpisa ang orientation ng convention. Everything was informal, everyone was trying to get to know one another kaya abala ang lahat sa pagkukuwentuhan. Nagkaroon ng maikling programa bilang entertainment.

Noon nagpasya si Gina na mag-excuse sa mga kasama. Ngayon lamang niya naramdaman ang pagod dala ng hindi pagkakatulog ng mga nakaraang gabi dulot ng excitement, tension at ng mahabang biyahe.

Nasa loob na siya ng elevator at naghihintay na sumara ang pinto nang mamataan ang isang lalaki na nagmamadali palapit, mukhang sasakay rin. Pinindot niya ang buton na pipigil sa pagsasara muna ng pinto at hinintay itong makasakay.

"Thank you for waiting," napangiting sabi ng lalaki nang makasakay na ito sa elevator.

Hindi siya sumagot pero ngumiti rin naman siya. The man was the most handsome guy she had ever

seen. Napakatamis at nakakaengganyo ang ngiti nito, pantay ang mapuputing ngipin, ang mga labi ay maganda ang hugis.

Magkagayunman ay bahagya rin siyang nakadama ng pagkailang. He was also giving her the impression of arrogance and nobility. Para bang puno ito ng authority, sanay magbigay ng utos at masunod kaagad.

“Your floor,” sabi nito.

“What?”

“Isn’t this where you’re supposed to get off?”

Napatingin siya sa numerong nakailaw sa itaas. Iyon na nga pala ang palapag na bababaan niya. Hindi niya napansin dahil nakatuon ang atensyon niya sa lalaki. “Yes, this is my floor,” aniyang napapahiya. Nagmamadali siyang lumabas at lumakad papunta sa kanyang silid.

Pero pagdating sa tapat ng pinto niyon ay saglit siyang tumigil at nilingon ang elevator. Bukas pa iyon at naroroon pa rin ang lalaki na nakatingin sa kanya. Muling napahiya, mabilis niyang hinanap ang susi ng silid sa kanyang bag at nagmamadaling ipinasok iyon sa seradura.

Tila binibiro siya ng pagkakataon. Habang nagmamadali ay hindi naman niya mai-shoot ang susi.

“Here, let me help you.”

Napalingon siya. Nakita niya ang lalaki na nasa likuran na niya. Kinuha nito ang susi sa kamay niya at ipinasok iyon sa seradura. Isang subok lamang ay nabuksan kaagad nito ang pinto. Mas lalo naman siyang napahiya.

“A Filipina?” tanong nito.

“Oo. And you, a Filipino?” aniya.

Tumango ito. “Kasama ka sa convention?”

“Oo. Paano mo nalaman?” Itinuro nito ang ID na nalimutan niyang tanggalin. “How stupid of me, suot ko pa pala ito,” bulalas niya, lihim na naiinis dahil kanina pa siya napapahiya rito.

“Gina Llanesa. Iyan ba ang buo mong pangalan?” tanong nito matapos basahin ang ID niya.

“Oo.”

“Ako naman si Lorenzo. Lorenzo Zaldivar,” pagpapakilala nito, sabay abot ng kamay sa kanya.

Hindi naman siya nagkait and politely shook

hands with him. “Turista ka ba, dito nagtatrabaho o dito na permanenteng naninirahan sa Venice?”

“None of the above. Hindi na ako turista rito sa Venice dahil palagi akong nagpupunta dito. Hindi rin ako rito nagtatrabaho, at lalong hindi rito permanenteng naninirahan. May sinadya lang talaga ako na gusto kong makilala nang personal.”

“Well, it’s nice to meet you, Mr. Zaldivar. Salamat sa pagtulong mo.”

“That was nothing. Please call me Lorenzo, at karangalan ko ang makilala ka. Hanggang sa muli nating pagkikita. Good night.” Lumakad na itong palayo at sumakay muli ng elevator.

Nang makapasok na sa silid ay saka lamang na-realize ni Gina ang huling kataga ng lalaki. *Sa muli raw naming pagkikita. Ibig sabihi’y hindi siya agad aalis ng Venice. Siguro ay dito rin siya sa hotel na ito tumutuloy. Kunsabagay, mukha naman siyang mayaman,* naisip niya. She found herself looking forward to seeing Lorenzo again.

Subalit lumipas ang buong linggo na iyon na ni anino man lang nito ay hindi niya nakita. Noong weekend ay sama-sama ang delegates na sumakay ng water-bus papunta sa malaking luxury ship.

Sinalubong sila ng officers ng barko. Magkasama sa iisang cabin sina Raquel, Elaine at Gina. Samantalang si Jimmy naman ay kasama sina Sam at Julio, mga bagong nakilala at naging kasama na rin sa kanilang grupo.

Sa excitement ay inilagay na lamang ng mga babae ang kanilang mga gamit sa cabin at lumabas din kaagad. Gusto nilang malibot ang barko na para na ring isang first class hotel sa facilities.

Sa tatlo ay si Gina lamang ang biglang nawala sa mood dahil biglang sumagi sa isip niya si Corinne. Nanghihinayang siya dahil wala roon ang kaibigan. Mas magiging masaya sana siya kung kasama niya ito.

“Gina, what’s wrong? Bigla ka yatang natigilan,” puna ni Raquel.

“Huwag ninyo akong pansinin. Naaalala ko lang’yong best friend ko. Tulad ninyo’y napakasaya rin niyang kasama.”

“Really? Kasing-bait mo rin ba siya?” si Elaine.

“Mas mabait pa.”

“Kung ganoon, gusto rin namin siyang makilala at maging kaibigan. Pagbalik natin sa Pilipinas, let’s make sure na magkikita-kita tayo uli. Isama mo siya,”

ani Raquel.

Tumango siya at nagpaalam sandali sa mga kasama. Gusto niyang sumulat kay Corinne nang mga sandaling iyon. Kahit man lang sa sulat ay mai-share niya rito ang enjoyment na nararanasan niya. Pumasok siya sa isa sa mga shops, pumili ng stationeries at bumili ng postcards at stamps. Palabas na siya ay papasok naman ang lalaking agad niyang namukhaan.

“Hi. I saw you from outside kaya papasok sana ako. How are you?” bati ni Lorenzo.

“Okay naman, ikaw?”

“I’m fine, thank you. Nag-iisa ka yata. Nasaan na’yong mga kasama mo?”

Bahagya siyang nasorpresa. Ibig sabihin ay hindi lang aksidente ang pagkikita nilang iyon. At hindi rin iyon ang unang pagkakataon na nakita siya nito. “Namamasyal sila sa paligid ng barko. Nagpaiwan muna ako dahil gusto kong gumawa ng sulat para sa kaibigan ko sa Pilipinas.”

“Urgent ba iyon? Hindi ba puwedeng ipagpaliban muna nang kahit ilang minuto?”

“Bakit?”

“Gusto sana kitang imbitahan sa coffee shop.”

Parang napakahirap tumanggi. Isinilid niya ang mga binili sa bag. “Let’s go.”

Cozy ang ambiance sa coffee shop, para na ring isang bar. Medyo madilim ang paligid dahil sa dimmed lightings niyon.

“Okay lang ba sa iyo kung ako na ang pipili at o-order para sa ating dalawa?” tanong nito matapos siyang alalayan sa pag-upo.

Tumango si Gina. Halata niyang sanay roon si Lorenzo at alam nito kung ano ang dapat orderin. Mukhang kilala rin ito ng waiter. “Madalas ka bang mag-cruise rito?” Hindi na niya napigilang magtanong rito.

“Oo. And this is the best luxury ship na nagtu-tour dito sa Venice.”

“Oo nga. Very friendly ang officers and staff.”

“Dito ako madalas mag-conduct ng business meetings. Dito ko rin isinasakay ang mga kaibigan kong nagpupunta rito na gustong mag-cruise.”

“Hindi ba ako nakakaistorbo sa iyo? Baka may mga ka-business meeting ka ngayon.”

“Kung mayroon, hindi kita iimbitahin. I don’t mix business with pleasure. Ang totoo, nagpa-book ako sa trip na ito dahil nalaman kong naririto kayo for the entire weekend.”

“Paano mo nalaman?” napapangiti niyang tanong.

“Tinanong ko sa mga organizers ng convention. Did you think our first meeting at the elevator that night would be our last?”

“Honestly, yes.”

“Then you’re wrong. I intend to go on seeing more of you para makilala kitang mabuti.”

“Mahirap yatang gawin iyan. Dalawang linggo lang naman tatagal ang convention. Pagkatapos noo’y babalik na ako agad sa Pilipinas.”

“Nevertheless, gusto pa rin kitang makasama’t makilalang mabuti.”

“Bakit?”

“Let’s just say na noong una pa lamang ay napukaw mo na ang interes ko. Masama ba iyon?”

Umiling lamang si Gina at ngumiti. Hindi niya mapigilan ang mag-blush at makaramdam ng

bahagyang pagkailang. Lihim siyang kinilig.

“Just in case you’re interested, I don’t fool around. And I don’t chase beautiful women like you just for fun.”

“Ano sa tingin mo ang ginagawa mo ngayon?”

“Sinusunod ko lang ang inuutos ng utak at damdamin ko.”

“Ano naman iyon?”

“Ang kilalanin ka kahit sandali at kaibiganin. Wala namang masama roon, di ba?”

Muli ay isang ngiti at tango lamang ang isinagot niya. Para bang nababasa ni Lorenzo ang iniisip niya. Tila rin napakadali para rito ang maramdaman ang pag-aatubili niya at kakulangan ng self-confidence tuwing magkaharap sila.

“After dinner tonight, may sayawan. I expect you’ll be there with your friends.”

“Of course. Mahilig sa kasiyahan ang mga bago kong kaibigan,” nakangiti pa niyang sagot.

“Then I shall claim you for every dance. Kaya maghanda ka.”

“Will you?” Naiinis si Gina sa sarili dahil para

siyang isang school girl na kinikilig nang husto sa mga sinasabi ng kanyang crush.

Lorenzo laughed and leaned forward in his chair. Inilapit nito ang mukha at tinitigan siya. “I most certainly will. Wala akong aaksayahing panahon para magkakilala tayo nang mabuti. Magmula sa araw na ito hanggang sa pag-alis mo, para akong anino na didikit sa iyo.”

She was a bit startled nang hawakan siya nito sa kamay. It was as if thousands of volts ran through her veins. Dahan-dahan ay binawi niya ang kanyang kamay mula rito. She turned her head away dahil ayaw niyang ipakita ang kanyang pagkailang. Once pa lamang siyang nagka-boyfriend, noong college days niya—isang relasyon na hindi nagtagal dahil sa incompatibility.

Hindi naman niya kailangang magkaroon ng maraming boyfriends para maunawaan ang nararamdaman niya nang mga sandaling iyon. Natural lang na humanga siya sa tulad ni Lorenzo. Tangan nito ang mga katangian na pinapangarap ng mga babae.

Ang hindi niya matiyak ay kung attracted din ba ito sa kanya. His interest may or may not mean a thing to him. Maaaring tulad ng iba ay naghahanap lamang

ito ng pampalipas-oras. *Lalo na nga't alam niyang hindi naman kami magkakasama nang matagal, naisip niya.*

“You’re too far away, isama mo naman ako.”

Napakurap siya sa birong iyon. Hindi niya napansin na saglit siyang natulala. “I’m sorry. Ano nga ulit ’yong sinasabi mo?”

“Actually, wala. Nakatingin lang ako sa iyo at hinihintay kong magbalik ang naglalakbay mong isip. Nakapagpasya ka na ba?”

“Nakapagpasyang ano?”

“Kung magiging magkaibigan tayo.”

She smiled at him and nodded. “Oo, magiging magkaibigan tayo,” she said. And hoped she did not sound too eager or too cheap.

3

Kinabukasan ay dahan-dahang dumilat si Gina, not knowing at first kung saan siya naroroon. Lumiliwanag na ang paligid at sumisikat na ang araw. Malamig din ang ihip ng hangin pero hindi siya giniginaw. Bukod sa nakakumot siya ng isang makapal na coat, kulong siya ni Lorenzo sa mga braso nito.

Then, realization of last night's event struck her. Buong magdamag silang magkasama, dancing until dawn. Hindi pa nakontento, matapos niyon ay pumunta sila sa lower deck, doon nagkuwentuhan.

Taliwas naman sa una niyang pangamba, Lorenzo did not make a pass at her even once. He treated her with utmost respect. Isang beses, sa pagsasayaw nila ay bahagya siyang kinabig nito palapit at binulungan. He told her how beautiful she was, then asked questions.

“May boyfriend ka na ba, Gina?”

“Noon.”

“Ang ibig sabihin, ngayo’y wala na?”

“Wala na. Nagpasya akong tapusin na sa amin

ang lahat habang maaga pa.”

“Bakit?”

“Anong bakit?”

“Bakit ka nakipaghiwalay sa kanya? Hindi mo ba siya minahal?”

“Noong una, ang akala ko’y mahal ko siya, pero hindi pala. I realized na wala sa kanya ang mga katangiang hinahanap ko. Marami kaming pagkakaiba kaya ayaw man niya’y wala siyang nagawa. Nakapagdesisyon na ako.”

“Hindi mo man lang isinaalang-alang ang damdamin niya at inisip na maaaring minahal ka niya nang labis?”

“Inaamin kong alam kong nasaktan ko siya. Alam ko namang mahal na mahal niya ako. Pero hindi ko mapipilit ang sarili ko.”

Hindi na kumibo pa si Lorenzo. Tinapos na lamang nila ang pagsasayaw nilang iyon at umalis na. Sila na lamang ang tanging natitira roon. Nagpasya silang pumunta sa lower deck.

“I’m cold,” aniya habang magkatabi sila.

Hinubad ni Lorenzo ang suot nitong coat at

ibinalabal sa kanya. "Warm enough?" Tumango siya. "Mukhang pagod ka na. Halika't ihahatid na kita sa cabin ninyo."

"Ayoko. Dito na lang muna tayo. Gusto kong tingnan ang kalawakan ng langit at bilangin ang mga bituin," malambing pa niyang sabi.

Natawa ito. "Ang ibig sabihin niyan, dito na tayo matutulog. Hindi mo mauubos ang mga bituin sa langit," biro pa nito.

"I don't mind kung dito tayo matulog. Kasama naman kita. I trust you."

"Totoo?"

"You can even put your arms around me para hindi ka rin ginawin," anas pa niya. She knew deep inside that she was deliberately flirting with him, pero wala siyang pakialam. Natitiyak niyang hindi naman siya pagsasamantalahan nito.

Hindi siya nagdalawang-salita. Lorenzo encircled her in his arms at marahang dinampian ng halik sa punong-ulo, saka nila sabay na pinagmasdan ang kalawakan ng langit. Hanggang sa makatulog sila nang magkayakap.

Dahan-dahan, sinubukan niyang gisingin na si

Lorenzo na natutulog pa. Hinimas-himas niya ito sa dibdib.

“Ganito ka ba kalambing kung manggising sa umaga?” tanong nito na unti-unting dumidilat.

“Mas malambing pa,” nagbibiro niyang sagot. “Gising na. Kailangan na nating bumalik sa kanya-kanya nating cabin bago pa magising ang iba.”

“Anong oras na ba?” tanong nito, sabay angat ng isang braso para tingnan ang sariling relo. “Alas cinco quarenta y cinco. Napakaaga pa.”

“May panahon pa para matulog tayo’t magpahinga nang maayos.”

“Alam mo bang ito na yata ang pinakamasarap kong pagkakatulog? Napakasarap mo palang kayakap. Talo mo ang teddy bear sa lambot. I’ve never felt so warm and contented.”

“Iyan ba ang madalas mong sabihin sa mga babaeng nakakasama mo sa pagtulog?”

“Hindi ko na matandaan. Siguro.”

Bigla siyang nakadama ng kirot sa kanyang puso. Hindi kumibong kumawala si Gina sa mga bisig nito at naupo, inayos ang buhok at damit.

“But if ever I have said that to any woman before, I never meant it. Ngayon lang tunay na nagkaroon ng meaning at halaga ang bawat katagang iyon. Sa iyo lang,” bulong nito sa kanyang tainga habang nakatalikod siya rito.

Hindi siya kumibo, pero nasiyahan na rin sa narinig. Magkaakbay silang naglakad papunta sa kanyang cabin. Pagtapat sa pinto niyon ay marahan muna siyang kinabig ni Lorenzo palapit at hinagkan sa punong-ulo, niyakap nang mahigpit, at pagkatapos ay kinuha ang dalawang kamay at buong-lamyos na hinalikan ang mga palad niya.

“Susunduin ko kayong magkakaibigan mamaya at kakain tayo, pati ang mga kasama ninyong boys. Sabay-sabay rin tayong bababa para mamasyal sa Mykonos pag-dock ng barko. Ako ang magiging personal tourist guide ninyo, okay?”

Tumango siya at dahan-dahang pumasok na sa loob ng cabin nila. Tulog na tulog pa ang mga kasama niya. Obvious na wala man lang kahit isang naka-miss sa kanya o may alam na hindi siya roon nagpalipas ng magdamag.

Hindi na rin siya nakadama ng antok. She was too happy and inspired, ni saglit ay ayaw niyang iwaglit sa alaala ang mga nangyari ng nakaraang

gabi.

“Ang aga mo namang nagising, Gina. Magbi-breakfast ba kayong sabay ni Lorenzo?” pupungas-pungas pang tanong ni Elaine na unang nagising nang lumabas ng banyo si Gina.

“Wala kaming usapan, pero kung makikita siguro natin siya sa itaas, yayayain ko na siyang sumabay sa atin.”

“Anong oras ka na ba nakabalik dito? Alas doce na akong nakatulog ay wala ka pa.”

“Actually, hindi ako rito natulog.”

Saglit na natigilan si Elaine, nawala ang antok at na-shock. “Ang ibig mong sabihin... pero kakakilala pa lang ninyo ni Lorenzo, di ba?”

Natawa siya. “Kung iniisip mong sa cabin niya ako nagpalipas ng magdamag at may nangyari sa amin, nagkakamali ka,” aniya at nagkuwento.

Tuluyan nang nawala ang antok nito. “Nakakainggit ka naman. Dala-dalawa ang Prince Charming mo.”

“Anong dalawa?”

“Hindi mo ba nahahalata si Jimmy? May gusto

sa iyo ang lokong iyon.”

“Elaine ha, magtigil ka. Kahit biro’y huwag mo kaming tutuksuhin ni Jimmy lalo na’t pag magkaharap kami. Ayokong magkailangan kami. Napakabait pa naman niya. Gisingin mo na si Raquel, hihintayin ko kayo sa upper deck at sabay-sabay tayong magbi-breakfast.”

“Uy, gusto mo lang makita na ulit si Lorenzo!”

“Hindi, ah! Baka nga natutulog pa iyon sa oras na ito,” pagsisinungaling niya. Talagang gusto na niyang makitang muli si Lorenzo. Malamang na hindi na rin ito nakatulog at naroroon na sa upper deck at nagpapahangin.

Excited siyang pumanhik sa upper deck. Para makarating doon, kailangan niyang dumaan sa pool. Pero bigla siyang napatigil sa paglalakad dahil namataan niya si Lorenzo na umaahon sa pool. Sinalubong ito ng isang babaeng napaka-sexy sa very revealing na bikini. Ibinalabal nito kay Lorenzo ang tuwalya at hinagod pa ito sa dibdib.

Nakadama siya ng insecurity. At sa kauna-unahang pagkakataon, pagseselos. Napaurong si Gina at nagpasyang huwag nang tumuloy pa. Bumalik na lamang siya sa cabin.

“O, bakit bumalik ka? May nakalimutan ka ba?” tanong ni Elaine na nakaligo na at nakapagbihis na rin. Naglalagay na lamang ito ng makeup.

“Wala. Gusto ko lang na dito na kayo hintayin ni Raquel. Para di na ninyo ako hanapin pa.”

“Look, wala ka namang obligasyon sa amin ni Raquel na kailangan ay palagi mo kaming isama sa mga gusto mong gawin. Okay lang sa amin kung gugugulin mo ang cruise na ito sa company ni Lorenzo. Mas natutuwa kaming makita kayong magkasama at mag-blossom into something romantic ang pagkakakilala ninyo.”

“Magkaibigan lang kami ni Lorenzo, Elaine.”

“Doon naman nag-uumpisa iyon, di ba?”

“Hindi lahat. After sixteen days, magpapaalam na kami sa isa’t isa, hindi na muling magkikita pa. Doon na matatapos ang lahat. Dahil susunod siyempre, makakalimutan na namin ang isa’t isa.”

“Paano mo naman nasiguro iyon? Malay mo kung sundan ka niya sa Pilipinas, eh, di tuloy ang ligaya!”

“Hay, naku! Huwag na nga nating pagtalunan iyan. Basta ako, wala akong inaasahan. Hindi ako nagpunta rito para ma-involve romantically.”

“Bigla yata ang pagbaling ng ihip ng hangin. May nangyari ba sa upper deck?”

“Wala,” sagot niya na kinatok sa banyo ang naliligong si Raquel. “Bilisan mo na! Ayokong bumaba ng barko nang hindi nag-aalmusal.”

“Aba, oo nga pala! We’ll be docking in a few minutes at Mykonos. Excited na ako. Balita ko’y napakaganda ng lugar na iyon,” ani Elaine, at pinangalawahan ang pagmamadali kay Raquel.

Isang ubod-tipid na ngiti ang isinalubong ni Gina kay Lorenzo nang dumating ito para sunduin sila. Pagdating sa restaurant kung saan naghihintay na ang mga lalaking kasama ay nananatili siyang walang-kibo. Sumasagot man siya kapag tinatanong ni Lorenzo ay napakatipid naman ng kanyang response.

Matapos mag-almusal ay sama-sama silang sumakay ng ferry boat kasama ang iba pang pasahero ng barko at convention delegates.

“*Aegean Sea* is considered the bluest in the world. Napakaganda, di ba?” bulong ni Lorenzo sa kanya. Magkatabi sila, natalikod siya rito. Hinawakan siya nito sa balikat, pero pasimple siyang umiwas.

“Lorenzo, ano’ng ibig sabihin ng *I lefki Mykonos*?” tanong ni Raquel na nasa bandang likuran nila.

“Mykonos, the white. Iyon ang ibig sabihin niyon. The islanders take exceptional pride in their home. They whitewash their houses twice a year.”

“Marami bang pumupuntang turista sa isla nila?” si Jimmy.

“Napakarami. Pero tamang-tama ang pagbisita natin ngayon. At this time of the year, hindi gaanong marami ang mga turista.”

Karamihan ay panay ang kuha ng pictures sa magandang kapaligiran, pero nanatili siyang tahimik na tila ba hindi interesado.

“May problema ba, Gina?” bulong ulit ni Lorenzo sa kanya.

“Wala.”

“Masama ba ang pakiramdam mo?”

“Hindi.”

“Baka pagod ka pa. Napuyat ka.”

Gina knew she ought to be thrilled by his concern. Ngunit hindi niya ma-appreciate iyon dahil sa nakitang eksena kanina. “Hindi.”

Hindi na lamang kumibo si Lorenzo dahil dumaong na ang ferry boat sa pampang. They strolled along the waterfront at doon pa lang ay sinalubong na sila ng mga taga-roon na may panindang souvenirs.

“Pumili ka ng kahit anong gusto mo, bibilhin ko para sa iyo,” sabi ni Lorenzo.

“No, thanks,” tanggi niya.

Isang matandang babae ang lumapit na may panindang mga bag. Kinuha ni Lorenzo ang isa. “Maganda ito, gusto mo?”

Umiling siya at sumabay sa dalawang kaibigan. Ilang minuto rin silang naglakad. Sa dami ng magagandang paninda at souvenirs, isa lang ang pumukaw sa kanyang interes—ang maliit pero cute na unicorn na pang-display. Gusto niyang ipasalubong iyon kay Corinne. Agad niyang tinanong kung magkano, pero nagulat siya sa presyong sinabi sa kanya. *Mahal pala*, saloob niya.

“Do you like that?” muling tanong ni Lorenzo.

“Hindi. Interesado lang ako kung magkano. Mahal pala.”

“Sa ganda at pulido ng pagkakagawa, what do you expect? Bibilhin ko para sa iyo.”

“Ayoko.”

“Ayaw mo? Bakit?”

“Dahil ayoko.”

“Ayaw mo sa unicorn o sa kahit anong inaalok ko sa iyong regalo?”

“I don’t want you to buy me anything dahil hindi ko naging ugali ang magpagastos sa kahit na sino. Kung may gusto akong bilhin, sarili kong pera ang ipambabayad ko roon.”

Saglit na natigilan si Lorenzo at napabuntong-hininga. “Do you really intend to give me this cold treatment the entire day?”

“Hindi ko alam ang sinasabi mo.”

“Alam mo bang ang unang-una kong na-observehan sa iyo ay ang pagiging transparent mo? You don’t hide your feelings, whatever it is. Ipinakikita mo kung masaya ka, nangangailangan ng attention, gustong maglambing, or in doubt. Ngayon, alam kong galit ka sa akin. Kung bakit ay wala akong kaide-ideya.”

“I don’t want your friendship anymore, Lorenzo. Ayoko nang makipaglokoan pa sa iyo.”

“What are you talking about?”

“Ano ba talaga ang gusto mo’t inaasahan mula sa akin, Lorenzo? Don’t tell me it’s pure friendship dahil hindi iyon ang ipinapadama mo sa akin. Sabihin mo nang masyado akong konserbatibo o kahit ano pa, pero hindi ako sanay sa ganito. Hindi ako ganoon ka-naive para hindi maapektuhan sa espesyal na attention na ibinibigay mo sa akin.”

“I see. Ano ngayon ang gusto mo?”

“Habang maaga’t may respeto pa tayo sa isa’t isa, mag-iwasan na tayo. Ibang babae na lang ang pagbalingan mo ng paglilibang mo. ’Yong game at willing sumakay sa laro mo.”

“Unang-una, hindi ako nakikipaglaro sa iyo o sa kahit na kaninong babae. Second, I was telling you the truth when I told you I want to get to know you better. Last, you have a point. Mas makakabuti para sa ating dalawa ang mag-iwasan na. Sang-ayon ako sa gusto mo.”

Hindi niya alam kung ano ang higit na mas masakit sa puntong iyon. Ang nakita niyang eksena sa pool kanina o ang pagpayag nito na mag-iwasan na sila.

“Pero bago natin gawin iyon, could you do me

one last favor?”

“Ano iyon?”

“Let’s just enjoy this day together for the last time. I promise to be a real and true friend to you.”

“Okay, I don’t think that’s hard.”

“Salamat.”

“Lorenzo, nauuhaw na ako. Mayroon ba tayong mabibilhan ng kahit anong malamig na inumin dito?” tawag at tanong ni Raquel sa lalaki.

“May *taverna* malapit lamang dito. Tena kayo’t puntahan natin,” aya naman nito.

She realized na pati pala siya ay nauuhaw na rin. Kaya pagdating nila sa *taverna* ay um-order kaagad siya ng malamig na juice. Matapos niyon ay sumakay sila sa maliit na bangka at tinungo ang isa pang kalapit na isla, ang *Delos*.

Noon lamang nag-umpisang mag-enjoy si Gina. Ngunit nang matapos ang araw na iyon at magpaalam na si Lorenzo sa kanila ay muli siyang nakadama ng matinding lungkot.

“Ano’ng ibig mong sabihing you have to get off this ship? Aalis ka na’t hindi na babalik?” usisa pa ni

Elaine kay Lorenzo.

“Yes, something very important came up and I really have to attend to it at once,” sagot nito, sabay sulyap kay Gina.

Napayuko naman siya, iniwasang magtama ang paningin nila.

“Talagang susunduin ka ng helicopter mo rito?” sabat ni Jimmy.

“Oo. Darating na iyon any moment now.”

“Sana’y hindi ito ang huli nating pagkikita, Lorenzo. Bisitahin mo kami sa hotel namin bago man lang kami bumalik sa Pilipinas,” ani Elaine.

“I’ll try, pero baka maging busy na ako.”

Pagdating at pagkaalis ng helicopter, kaagad siyang hinarap nina Elaine at Raquel. Hindi siya tinigilan ng mga ito hangga’t hindi siya umaamin.

“Ano ka ba naman, Gina! Napakadali mo namang sumuko. Ano ba ang alam nating lahat sa pupuwedeng mangyari sa hinaharap?” ani Raquel.

“At paano mo naman natiyak na ginagawa ka lang niyang libangan? Sa tulad niya, natural lang na maraming babae ang lumalapit at nagpapakita

ng motibo. Di ka dapat na-insecure doon,” si Elaine.

“At sa yaman ni Lorenzo, malapit lang sa kanya ang Pilipinas. Puwede ka niyang bisitahin kahit anong oras niyang gustuhin. Sakali mang magkarelasyon kayo, hindi ninyo magiging problema ang distansya,” si Raquel muli.

“Huwag na ninyong guluhin ang isip ko. Nagpasya na ako. Hindi ko na mababawi iyon. Isa pa’y sinang-ayunan naman niya ako. Kung talagang seryoso siya’t gusto niyang patuloy kaming magkita, hindi siya basta papayag sa gusto ko.”

“Hay naku! Ewan ko ba sa iyo. Para sa aki’y sobrang pagpapakipot na iyan,” si Raquel.

“Oo nga. Sinayang mo ang isang napakagandang opportunity. Nakakita ka na ng ideal na lalaki’y itinaboy mo pa palayo.”

“Puwede ba, tigilan na ninyo ako? Matulog na tayo’t pagod na pagod na ako,” aniya.

Lumipas ang buong magdamag na iyon na ni saglit ay hindi niya naipikit ang mga mata at nakatulog. Dahil sa pag-iisip kay Lorenzo.

One Night Of Love

1

Tumayo si Grace at nag-unat. Tiningnan niya ang oras sa relo; alas dos. Anim na oras na siyang nakayukyok sa likod ng camera at naghihintay na may mangyari.

Sinulyapan niya si Mario sa maliit na butas sa pinagtagpi-tagping plywood na tumatakip sa bintanang nakadungaw sa kalye. Mukhang ninenerbyos ito. Palakad-lakad ang binatilyo sa maliit at madilim na eskinita, panay ang hitit nito ng sigarilyo.

Umikot ang kanyang tingin sa kuwartong pinaghihintayan niya. Nasa ikatlong palapag ito ng abandonadong building sa liblib na bahagi ng Maynila. Laking-Tondo si Mario; kabisado nito lahat ng bitu-bitukang eskinita ng lugar.

Manaka-naka ay maririnig ang malakas na tawanan ng mga siga, mga dalawang kanto ang layo sa kinalalagyan nila. Mga lasing na pero wala pang humpay ang pagtoma.

Nirepaso ng dalaga ang rutang daraanan pag-alis niya rito. Iiwasan na niyang dumaan sa kalye na iyon. Automatic na kailangang magtala ng mahigit

sa isang ruta kung sakaling kailangang umeskapo kapag nagka-trouble. SOP na sa kanya ito, kahit na sa pinaka-boring na assignment.

Ang kawalan ng pag-iingat ay hindi nakakatulong sa pagpapahaba ng buhay.

Bumalik siya at umupo sa likod ng camera. Sesenyasan na sana niya si Mario na mag-pack up na lang sila at umuwi nang dumating at nag-park ang isang itim na *Ford Expedition*.

Binarahan nito ang tanging labasan ng dead-end na eskinitang kinatatayuan ni Mario. Sinulyapan ni Grace ang plaka ng sasakyan pero wala siyang nakita. At maitim ang tint ng mga bintana niyon kaya hindi makita ang mga nakasakay.

Umpisa na ng aksyon, isip niya. Inumpisahan na rin niya ang pagkalabit sa camera.

Mahina ang ilaw sa kalye, malayo sa eskinita ang pinakamalapit na lamppost. Napangiwi siya; medyo madilim ang lalabas na mga litrato pero wala na siyang magagawa roon. Kapag gumamit siya ng flash ay mabubunyag ang pagmamatyag niya sa operation.

Ini-focus niya ang lens sa pinto ng *Expedition*, inabangan kung sino ang bababa.

One Night Of Love - Luisa Quijano

Bumaba ang dalawang lalaking nakasuot ng fatigue; ang isa ay may dalang bag na itim. Nilapitan ni Mario ang mga ito. Hawak nito ang knapsack na naglalalaman ng pera.

Kumunot ang kanyang noo. Habang patuloy ang pindot niya sa camera ay pilit niyang inaninag ang mukha ng dalawang lalaki, pero nakatalikod ang mga ito sa ilaw at naaaninuhan ang mga mukha.

Inabot ng isang lalaki ang knapsack na dala ni Mario at tiningnan ang laman nito bago sinenyasan ang kasama na iabot dito ang hawak na bag.

Kaswal ang kilos ng binatilyo. Pabiro pa itong nakipagtawaran sa dalawa. Pero nawala ang ngiti sa mukha nito nang makita ang laman ng bag.

Hindi kataasan ang kinalalagyan ni Grace pero ugong lang ng mga boses ang narinig niya. Binasa niya ang paggalaw ng mga labi ni Mario. *Bakit ito lang?* sabi nito. *Boss, kulang.*

Ngumiti ang lalaking nakahawak sa knapsack. Nakita ng dalaga ang kislap ng ngipin nito sa mahinang ilaw ng lamppost nang tumagilid ito at itinuro ang *Expedition*.

Bumukas ang bintana niyon. Patuloy ang pagkuha niya ng litrato, bumilis ang tibok ng kanyang puso.

Lumapit si Mario roon. Pilit ang ngiti sa mukha nito habang nakikipag-usap sa kung sinuman ang nasa loob.

May kumislap mula sa loob ng sasakyan. Nakita niya ang pagbabago sa mukha ng binatilyo, sabay mabilis na pag-atras nito. Naging dagundong sa tainga niya ang tibok ng sariling puso.

Malaking trouble.

Tumalikod si Mario at kumaripas ng takbo pero dead-end ang eskinita. Lumiko ito papasok sa building na kinalalagyan niya pero naabutan na ng putok ng baril.

Nakuhaan ng camera niya ang pagbulagta nito sa kalye.

Diyos ko! Abutan ko pa kayang buhay si Mario?

Dinampot ng isa sa mga lalaki ang bag na nabitawan ni Mario nang kumaripas ito ng takbo. Dinala nito iyon pabalik sa sasakyan.

Kahit na nanginginig ang mga kamay, mabilis niyang ibinaling ang camera sa direksyon ng *Expedition.*

Naiwang bukas ang bintana nito, binuksan ng lalaking may dalang bag ang pinto at saglit na

nagkailaw sa loob ng sasakyan.

Nakuha na ni Grace ang gusto, mukha na maiuugnay sa patuloy na paglaganap ng droga sa kalye ng Maynila.

Mabilis niyang inalis ang camera sa tripod, tiniklop ang huli at isinilid sa bag na nakalapag sa sahig. Pilit niyang inihiwalay ang isip sa lahat ng nararamdaman.

Nilingon niya ang kalye, hindi pa umaalis ang *Expedition*.

Saglit na walang gumalaw. Pati ihip ng hangin ay tila tumigil bago biglang bumukas ang mga pinto ng sasakyan at naglabasan ang apat na malalaking lalaki. Isang lalaki sa bawat pinto, pati driver ay bumaba. Kasama rito ang dalawang lalaking naka-fatigue na nakita niya kanina. Parang *SWAT* team kung gumalaw ang mga ito.

Malinaw ang kanyang pag-iisip; parang narinig na niya ang utos ng leader na hindi bumaba: '*Baka may kasama. Halughugin ang lugar, siguruhing walang sabit.*'

Mabilis niyang isinukbit ang bag sa balikat. Hindi na niya matutulungan si Mario kung pareho silang nasa sementaryo.

One Night Of Love - Luisa Quijano

Dali-dali siyang lumabas at bumaba sa hagdanan ng building. Maingat ang pagbaba niya pero bulok na ang kahoy ng hagdanan at madilim ang lugar. Bumigay ang isa sa mga baitang at lumagabog ang kanyang bag sa pader nang madulas siya.

Mabilis na nagpasukan ang apat na lalaki sa building.

Kumaripas siya ng takbo palabas sa backdoor. Tumatagos ito sa kabilang eskinita kung saan naka-park ang motorsiklo niya.

Walang lingon-likod na sumakay siya at pinatakbo iyon. Hindi na siya nag-ingat na huwag makagawa ng ingay. Mas importante na mabilis siyang makalayo.

2

Hindi inaasahan ni Mark ang pagtunog ng doorbell ng condo unit niya.

Sinulyapan niya ang relo; alas dose. Sino pa kaya ang bibisita sa kanya ng ganitong oras?

Napamura siya nang sumilip sa peephole at nakita kung sino ang parang kabuteng umusbong at nakahapay sa doorbell.

Saglit siyang nag-isip kung bubuksan ba niya ang pinto o magkukunwari na lang na wala siya roon. Tinanong niya ang sarili kung ano ang pagkakasala niya at muli na namang sumulpot sa kanyang buhay ang babaeng ito. Malayo pa ang Mahal na Araw, hindi pa panahon ng pagpepenitensya.

Matagal niyang tinitigan ang cordon ng doorbell; malakas ang tuksong hatakin na lang iyon para mapigilan ang patuloy na pagtimbre ng dalaga. Nadikit na yata sa button ng doorbell ang daliri nito.

Buong pag-aatubiling inalis niya ang chain at binuksan ang pinto. Nakahalukipkip na tumayo siya sa entrada ng unit, walang paanyaya sa mga mata. “Ano’ng problema?”

Kumurba ang labi ni Grace, pero walang ngiti sa mga mata at pilit ang tawa nito. Isang sulyap lang ay naitala na nito ang bihis ng binata.

Medyo magulo ang itim na itim na buhok niya at bukas ang ilang butones ng polo. Napatingala ito dahil may kataasan siya; six-footer.

Gumalaw ang mga mata nito, hinaplos ng tingin ang kanyang labi at ilong na tila inukit ng magaling na manlililok. At natutok ang tingin nito sa mga mata niyang sa unang tingin ay nakakagulat dahil sa kulay na tila mata ng pusa na sumasaliw sa mga pilik na ubod din ng itim.

Mga mata kung saan bakas ang pagkapikon sa pagdating nito ng ganitong oras. Hindi pa siya nakakapagbihis, malamang ay patulog pa lang.

“Late night, Mark?” Gumalaw ang mga mata ni Grace sa gawi ng elevator. “Hindi mo ba ‘ko papapasukin?”

Umikot ang kanyang mga mata sa kisame at gumalaw ang mga labi na parang humihingi ng lakas. “At bakit kita papapasukin? Tuwing sumusulpot ka, problema ang dala mo. Hindi ‘Grace’ ang dapat pinangalan sa ‘yo, dapat ‘Disgrasya.’”

Huminga siya nang malalim, pilit na nirendahan

ang galit. “Ano ba talaga ang kailangan mo?” tiim-bagang na tanong niya.

“S-sa loob na natin pag-usapan.”

Napansin ni Mark ang pangginginig ng kamay ng dalaga nang ayusin nito ang pagkakasukbit ng bag sa balikat. Pansin din niya ang tensyon sa tindig nito at ang pamumutla ng karaniwan ay mamula-mulang kutis nito.

Pinag-aralan niya ito; wala ang mga pilyang panunuya na likas nang namumutawi sa labi nito. ang buong hitsura nito ay isang babaeng nababalot ng takot.

Lihim siyang nagbuntong-hininga. Tumagilid siya para makapasok ito sa loob ng unit. Sinundan siya nito sa sala.

“Honey, sino ba ‘yon? Kung makapag-doorbell ay parang yayanigin ang buong building.” Lumabas ang date ng binata mula sa banyo.

Napapikit si Grace, saglit na yumuko bago hinarap si Mark. “Sorry, hindi ko alam na...” Pinilit niyang ngumiti. “Sorry,” ulit niya sa babae.

Umiwas siya ng tingin sa binata, ayaw niyang

makita nito ang kanyang reaksiyon sa pagkakaroon ng ibang babae sa buhay nito. Para siyang sinampal nang lumabas ang girlfriend nito sa sala. Ano kaya ang naabala ng pagdating niya?

Hindi katakang-takang masungit ang dating sa kanya ni Mark. Napansin na niyang hindi nakasara ang ilan sa butones ng polo nito at medyo gulo ang buhok.

Gusto niyang iuntog ang ulo sa pader. Nagkamali siya sa pagpunta rito, pero wala na siyang matakbuhan. Alam niyang kahit na galit pa sa kanya ang lalaki ay hindi ito tatanggap tulungan siya.

Di niya inaasahang ganito ang matatagpuan.

Naramdaman niya ang pagbabanta ng ng luha sa kanyang mga mata. Alam niyang hindi na sila magkakabalikan ni Mark. Alam niyang nakikipag-date na ito sa ibang babae. Pero ang hindi niya alam ay kung bakit hanggang ngayon ay nasasaktan pa rin siya kahit na tanggap na niya ang mga katotohanang iyon.

Kailangan niyang makahanap ng ibang matutuluyan. Walang panahon para pawiin ang pagod. Walang panahon para pagbigyan ang antok na bumabalot sa isip niya. Buhay at sementeryo lang

ang pagpipilian niya, hindi mahirap ang desisyon na iyon.

Nakangiwing nginitian niya ang binata. “Sorry,” ulit niya. “Sibat na lang ako.” Tinuro niya ng hinlalaki ang pinto at paurong na naglakad pabalik sa pinasukan.

Gumalaw ang kanyang mga daliri, kaway na kilala nito bilang imitasyon niya ng kaway ng isang kilalang artista.

Naningkit ang mga mata ni Mark. Basa nitong nakapagkubli na siya sa personang karaniwan na niyang inihaharap sa mundo. Nainis ito sa sarili pero alam nitong hindi ito makakapayag na umalis siya.

Tumalikod ang dalaga at mabilis na naglakad patungo sa pinto. Mabilis ang lakad niya pero mas mabilis ito. Aabutin pa lang niya ang doorknob ay natanganan na nito ang kanyang braso.

“Hindi ka aalis.”

Tinaasan niya ito ng kilay. “Pa’no si ... *Honey?*” Ininguso nito ang direksyon ng sala.

Parang napasos, kaagad nitong binitawan ang kanyang braso. “Ihahatid ko lang si Inez pauwi,” tiimbagang na sagot nito. “Mag-uusap tayo pagbalik ko.

Habang wala ako, hindi ka magbubukas ng pinto, hindi ka tatawag sa telepono at lalung-lalo na, hindi ka mag-uusyoso sa files ko. Maliwanag?”

“Wala ka nang idaragdag? Sit, stay, beg? Roll over?” Kumislap ang mga mata niya pero walang ngiti sa labi.

“Hindi mo dapat ipaghinanakit ang kawalan ko ng tiwala sa ‘yo. Ikaw ang nagturo sa ‘kin ng mapait na leksyon na iyon.”

Nagbuntong-hininga si Grace. “Di kita sinisisi, Mark. Naiintindihan ko naman kung bakit ka galit sa ‘kin. Hindi ako dapat umasang tutulungan mo ako. Nagbabakasakali lang ako.”

Tumalikod siya at binuksan ang pinto. Muli nitong kinapitan ang kanyang braso.

“Ang sabi ko, hindi ka aalis.”

Bihira ang taong tumatanggi kapag ginamit ng binata ang tono na iyon, pero walang takot na hinarap niya ito.

Ubos na ang kanyang takot sa katawan—mula nang makita niyang bumulagta si Mario sa maruming kalye na iyon at nang sumunod na araw ay umuwi siya sa apartment niya at natagpuan itong wasak-

wasak.

Alam niyang umiigsi na ang panahon. Magtutuos din sila ng lalaking nakunan niya ng litrato sa loob ng *Ford Expedition*.

“Kaya kong alagaan ang sarili ko, Mark.”

“Hindi ka pupunta rito kung hindi malaking trouble ang kinasasangkutan mo.”

Hindi niya itinanggi ang deklarasyon nito.

“Huwag matigas ang ulo mo. Nang magdesisyon kang lumapit sa ‘kin, inilagay mo ang kapakanan mo sa kamay ko. Wala nang atrasan.”

Lumingon si Mark. Sumunod si Inez para alamin kung bakit ang tagal nitong bumalik sa sala. Mabilis nitong binulungan si Grace. “Ihahatid ko si Inez, dito ka lang. Hindi ko na uulitin.”

Binalikan nito ang babae at kinausap.

Hindi niya mapigilan ang pagpikit ng mga mata, sumandal siyang saglit sa dingding at nilabanan ang pagkahilo.

Dalawang araw lang ba siyang nagtatago? Parang buwan na sa pakiramdam niya. Mahirap matulog sa bangketa, lalo na at palagi niyang naaalala si Mario.

Si Mario... lilisanin na sana ang buhay sa kalye, puputulin na ang koneksyon sa sindikato.

“Isang huling deal na lang, Ate,” pakiusap nito. *“Baka matisod na natin ang Big Boss—ang demonyong nagpapalaganap ng bisyo sa kalye.”*

Isang huling deal. Naging huli na nga ito para sa binatilyo. Hindi niya ito dapat pinayagan sa gusto. Sana ay buhay pa ito ngayon.

Tinakpan niya ng isang kamay ang mukha. Madaling tumakbo at magtago, pero hindi niya matatakan ang mga alaala na ibinunga ng maling desisyong iyon.

Hindi niya alam kung saan siya kumuha ng lakas para maglakad pabalik sa sala.

Pagdating niya roon ay natagpuan niyang nagtatalo sina Mark at Inez. Biglang tumahimik ang mga ito nang pumasok siya. Kung makakamatay lang ang tingin ay bumulagta na siya sa tingin ng babae.

Nagharap siya ng matamlay na ngiti rito at nagpaalam na pupuntang kusina. Pagpasok doon, tuloy-tuloy siyang nagbukas ng refrigerator.

Inabutan siya ni Mark na nakaupo at kumakain ng sandwich sa mesa.

“Make yourself at home,” anyaya nito.

“Sorry, isa ba ‘to sa mga hindi ko dapat usisain?” nakangiting turo niya sa refrigerator. “May mga hidden files ba r’yan?”

Umikot ang mga mata nito pataas sa kisame. “Ihahatid ko na si Inez. Tandaan mo ang pinag-usapan natin.”

Nilunok ni Grace ang nginunguyang sandwich. “Repasuhin lang natin, okay? Bawal magbukas ng pinto, bawal humawak sa telepono, bawal mag-usisa *lalung-lalo* na ng mga files mo.” Pinalaki niya ang mga mata sa huling tinuran. “Sit, stay, beg, roll over. Got it.”

Naningkit ang mga mata nito. “Anytime, puwede kang magpasalamat na pinapayagan kitang mag-camping sa guest room ko.”

“Thank you,” pabulong na sagot niya at binatuhan ito ng flying kiss.

Kumurba ang labi ni Mark pero walang ekspresyon sa mga mata.

Nilapitan siya nito, hinatak patayo mula sa kinauupuan at hinawakan sa baywang para hindi siya makaalpas. “Baka gusto mong totohanin ang halik na

iyon?” tahimik na tanong nito.

Hindi na siya nito binigyan ng pagkakataong sumagot, basta na lang nitong inangkin ang kanyang mga labi.

At ang halik na nagsimula lamang bilang pagbabanta ay nag-init, nagliyab at kumawala sa hangganan. Nagdikit ang mga katawan nila, nagtalik ang mga hininga at pati na ang mga dila. Bumilis ang pag-ikot ng mundo.

Unang natauhan ang dalaga at tumulak palayo rito. Nag-iwasan sila ng tingin. Asiwa at puno ng tensyon ang katahimikang namayani sa kusina.

Ito ang bumasag niyon. “Ihahatid ko muna si Inez.”

Hindi na niya kailangang marinig ang pagsara ng pinto para malamang nakaalis na ito. Ramdam ni Grace ang kaibsan ng tensyon sa pag-alis nito.

Hindi niya mapigilan ang mapabuntung-hininga. Nagdadalawang-isip na siya na lumapit kay Mark dahil baka madamay pa ito sa mga problema niya, pero rito lang ang naisip niyang lugar na hindi siya matutunton ng mga humahabol sa kanya.

Lalo lang sasalimuot ang sitwasyon kung

One Night Of Love - Luisa Quijano

papayagan niyang manaig ang atraksyong namamagitan sa kanila. Hindi niya puwedeng guluhin pa ang buhay nito, lalo na ngayong alam na niyang may iba na itong girlfriend.

Isang gabi lang, pangako niya sa sarili. Makapikit lang para malinawan ang isip ko at makapagplano kung ano'ng gagawin.

3

Inabutan ni Mark si Grace na nakatulog sa sofa. Ni hindi na nakapagpalit ang dalaga. Suot pa rin nito ang puting t-shirt at maong pants na suot kanina; inalis lang ang sapatos.

Hindi maliit ang bag na dala nito pero mukhang ni hindi ito nakapagdala ng pamalit.

Alam na niya ang laman niyon. Halos kakambal na nito ang camera nito. Malamang ay dala rin nito ang laptop computer.

Pinag-aralan niya ang dalagang natutulog sa sofa.

Hindi maganda ang kutob niya sa bagong gulong kinasangkutan nito. Maputla ang kutis at nanginginig ang kamay nito nang humarap sa kanya kanina. Hindi karaniwan dito ang magpakita ng takot.

Lagi itong dinedestino ng boss nito sa mga delikadong kaso dahil talo pa nito ang mga lalaking katrabaho. Wala itong patumanggang nagsususuot sa mga mapanganib na sitwasyon, lahat gagawin para lang makakuha ng istorya. Wala rin itong kinatatakutang banggain.

Hindi niya maitanggi na magaling ang dalaga sa trabaho nito. Madali nitong makuha ang loob ng mga tao, hindi namamalayan ng kausap nito na may nabubunyag na silang impormasyon na kailangan para sa istorya nito.

Personal siyang may alam tungkol sa katangian nitong iyon dahil naging biktima na siya nito.

Mapait pa rin para kay Mark na alalahanin na naging assignment lang siya para rito. Ginamit lang siya nito para makakuha ng impormasyon tungkol sa kliyente niyang nasangkot sa isang malaking baho na gusto nitong isiwalat.

Nagtiim ang mga bagang niya at lihim na napamura. Ano kaya ang iniisip ni Grace at sa kanya tumakbo? At ano kaya ang iniisip niya at pumayag siyang saklolohan ito?

Bumalik ang kanyang mga mata sa dalaga.

Hindi naman ito katangkaran pero maigsi ang sofa. Sasakit ang leeg at likod nito kung papayagan niya itong magpalipas ng gabi roon.

Napangiwi siya pero humakbang patungo sa sofa at kinarga ang nahihimbing na babae papunta sa guest room. Maingat niya itong inilapag sa kama at pagkatapos ay binuksan ang air-con.

Wala siyang sapat na tiwala sa sarili na alisin ang suot nito para lalo itong maging komportable.

Kahit nababalot sa jeans ang mahahabang binti nito ay bumilis ang tibok ng kanyang puso nang dumapo ang mga mata niya roon. Alam niya kung gaanong kahaba at kakinis ang mga binti nito dahil noong una silang magkita ay ubod ng igsi ang miniskirt nito.

Ibang assignment ang tinatrabaho nito noon— nag-iimbestiga tungkol sa isang club na nagbebenta ng laman. Pag-aari ang club ng isang mataas na taong may hinawakang posisyon sa gobyerno.

Nag-apply ang dalaga na GRO sa club para personal na alamin kung anu-anong anomalya ang nangyayari roon. Tiyempo namang birthday ni Mark at bilang regalo ay hinatak siya ng mga kaibigan sa club na iyon.

Hindi niya gawaing magopunta sa ganoong mga lugar. Matagal na siyang tinutukso ng mga kaibigan na boring daw ang social life niya at hindi pumayag ang mga ito hangga't hindi niya naisama...

Habang nagkakuwaan ang magkakaibigan ay nilapitan si Mark ng opisyal na may-ari ng club.

One Night Of Love - Luisa Quijano

Hindi niya ito personal na kilala pero nagkikita sila dahil kliyente ito ng law firm nila. Nang malaman nitong birthday niya ay tinawag nito ang isang dalagang unang tingin pa lang niya ay pinanuyuan na siya ng lalamunan sa nakita.

Kay haba at kay kinis ng mga binti nitong hindi man lang binalutan ng stockings gaya ng ibang mga GROs doon. Pati mga braso at likod nito ay lantad din sa halter-top na pang-itaas sa miniskirt.

Walang maipipintas sa hubog ng katawan nito. Maging mukha nito ay pangmodelo rin, hindi tinambakan ng napakakapal na makeup gaya ng ibang babae roon. Totoong namukod-tangi ang ganda nito.

Hindi niya nagustuhan ang implikasyon ng pagpapatawag ng kliyente nila sa babaeng ito.

Pero napakabilis ng mga pangyayari; hindi nagtagal ay natagpuan na lang niya ang sarili na kasama ang dalaga sa isang private room ng club.

Hindi siya nakatanggi sa alok ng kliyente pero nang umasta nang tatanggalin ng dalaga ang halter-top ay binalabal niya ito ng tuwalyang nahagilap sa CR. Hinatak niya itong patakas sa club.

Sa service entrance sila ng club lumabas para hindi makita ng kliyente niya ang pag-alis nila. Sa una ay

hindi niya maintindihan kung bakit galit na galit sa kanya ang dalaga.

“You’re blowing my cover,” ngitngit ni Grace. Padabog nitong intinapon ang tuwalyang ipinagbalabal niya sa basurahan sa isang sulok ng parking lot.

“What cover?” nagtataakang tanong niya.

Nagsisimula na siyang magduda. Hindi ganoon magsalita ang karaniwang GRO. Una pa lang niyang kita sa dalaga ay halatang may lihim ito. Hindi maitatago ang talinong nanganganinag sa mga mata nito.

“Ba’t hindi mo na lang tinanggihan ang alok niya?” galit na tanong nito.

“Hindi puwede, baka mapahiya. Malaking kliyente ‘yan ng law firm namin.”

“You just blew my story. Puwede naman sana tayong nagkunwari na lang na may nangyari. Hindi mo na ako kailangang hatakin papalabas doon. Kung kelan maili-link ko na ang tanong ‘yon sa club na ‘yan....”

Mabilis na naglakad ang dalaga sa parking lot. Wala itong pakialam sa mga tinging ipinupukol ng mga tambay sa kalye. Kumunot ang noo ni Mark.

*“Sino ka bang talaga? Hindi ka totooong GRO.”
Binilisan din niya ang paglakad para masabayan ito.*

Galit na hinarap siya ni Grace. “Reporter ako. Dalawang buwan ko nang tinatrabaho ang assignment na ‘to. This was supposed to be the night na ma-establish ko na ang opisyal na iyon ang may-ari ng club na ‘yan.”

Tumigil ito sa harap ng motorsiklong naka-park sa tabi ng isang puno. Nagpasalamat itong nabitbit pa ang bag bago ito kinaladkad ng binata palabas ng club.

“Ayos na sana’ng lahat, maganda na ang usapan namin nang pumasok ka sa eksena.”

“Wala akong ginagawa, siya ang lumapit sa ‘kin.” kunot-noong sagot ni Mark habang pinanonood itong may kung anong hinahagilap sa bag. “Talagang siya ang may-ari ng club na ‘yan?”

“Obvious ba?” balik nito. Tumaas ang kilay nito saglit na iniangat ang ulo. “You must be someone special para ipangregalo niya ako sa ‘yo. Matagal na niya akong pinupuntirya. Kaya siya pumapayag na hindi ako mag-entertain nang solo ng customer ay gusto niyang siya ang makauna. Ngayon sana ang gabing mahuhulog siya sa patibong ko. Sana. Kung hindi ka dumating sa eksena.” Pinandilatan siya nito.

“Inuulit ko, wala akong kinalaman doon. Hindi ko alam kung bakit niya ginawa ‘yon. I’m just a junior partner in our law firm.”

“At ang ama mo ang pinaka-senior partner sa law firm ninyo,” dugtong nito. “Add to that the fact that you’re the lawyer in charge of evaluating his case bago desisyunan ng mga senior partners kung tatanggapin o hindi ang mga kaso niya.”

Napako ang mga mata niya sa mukha nito. “Kilala mo ako.”

“Of course. Trabaho kong alamin ang lahat tungkol sa mga assignments na dinedestino sa ‘kin. I’m very thorough. That’s what makes me good at what I do. Pumapasok ka pa lang sa bar, nababasa ko nang magiging sagabal ka sa mga plano ko. Hindi ako nagkamali.”

Kumislap ang mga mata niya. Pagpasok pa lang niya sa bar ay napansin na siya nito?

Humakbang siyang papalapit dito. “Tungkol sa kanina, talagang handa kang mag-all the way para lang makuha ang istorya mo?” singkit-matang tanong niya.

“Walang mangyayari,” kalmadong sagot nito.

One Night Of Love - Luisa Quijano

Naasiwa ang dalaga sa paglapit niya pero ayaw nitong ipakitang naapektuhan niya ito kaya hindi ito umatras.

“Nakatimbre na ako sa pulis. Mabuti na lang at maginoo ka kundi nakapaskil na ang mukha mo sa mga diyaryo bukas – ‘Prominent Lawyer Caught With His Pants Down,’ ” nakangising dugtong nito.

“Akala ko ba si Tan ang target mo? Bakit pati ako isasabit mo?”

Nagkibit-balikat si Grace. “A story is a story...” Hinarap nito ang motorsiklo na nasa likuran nito at binuksan ng hawak na susi ang compartment niyon. Inilagay nito ang bag doon, kinuha ang helmet sa loob at isinuot.

Akmang sasakay na ito nang mapansin ang nanlaking mga mata ni Mark. Tumaas ang kilay nito.

Tumigil ang hininga ng binata dahil pagsakay nito sa motorsiklo at lalo pang umangat ang maigsi na nitong palda. “Ano’ng ginagawa mo?”

“Uwi na. Wala nang mangyayari sa ‘kin dito.”

“Hindi ka puwedeng bumiyahe sa kalye na ganyan ang hitsura—maraming maaaksidente.”

“Thanks to you, wala akong choice. Ni hindi mo

ako pinagbihis bago mo ako kaladkarin palabas d'on," paismid na sagot nito.

Pinaandar na nito ang sasakyan.

"Sandali lang." Pinatay niya iyon at kinuha ang susi. "Thahatid na lang kita."

Kumunot ang noo nito. "Hindi na kailangan; kaya kong umuwi nang mag-isa."

"Thahatid na lang kita." Hindi ibinalik ni Mark ang susi ng motor. Tinalikuran nito ang dalaga at naglakad papunta sa sariling sasakyan. Sumunod ito sa kanya.

"Kailangan ko 'yang susi. Nasa compartment ng motor ang aking bag."

Tumigil siya at naglakad pabalik sa motorsiklo. Binuksan niya ang compartment, kinuha ang bag nito at ibinalik sa loob ang iniabot nitong helmet.

Pinagmasdan siya nito. "Bakit mo ginagawa 'to?"

Umangat ang mga mata niya pero hindi sumagot.

"Type mo 'ko, 'no?" nakangising tanong nito.

Napangiti rin siya. "Siguro nga. Buong panahong kasama kita hindi ako humikab. At least, you're not a boring date."

Umiling ito. “Tama ang kaibigan mo. You need more exciting social life.”

Inihatid ni Mark pauwi ang dalaga, pero sa kotse pa lang ay nagkapalagayan na sila ng loob. Nasundan pa ang insidenteng iyon ng ibang mga dates. Lumawig ang pagkakaibigan nila at naramdaman niyang nag-iiba na ang pagtingin niya kay Grace. Nakapagdesisyon na siyang yayain itong gawin nang permanente ang relasyon nila.

Hanggang sa dumating ang araw na natuklasan niyang ginamit lang siya nito para mapalalim ang imbestigasyon nito sa natutukoy na kliyente ng law firm nila.

Nagtaka siya nang pagdating sa opisina ay hinihintay na siya ng ama sa silid niya. “Dad, maaga yata kayo.”

Hindi sumagot ang matanda. Iniabot lang sa anak ang diyaryo.

Front page. Scoop tungkol kay Simon Tan at ang pagmamay-ari nito ng Ecstasy Club sa Quezon Avenue—den ng prostitusyon. Hinanap ang byline. By Grace Florendo.

Parang umikot ang paningin niya, pero pilit niyang binasa ang article. Naroon ang detalye kung

paanong naitago ng kliyente nila ang pagmamay-ari nito ng club. Kung paano itong gumamit ng ibang front nang itayo nito ang club.

At ang iba pang mga detalye—detalyeng natatanging silang matataas ang katungkulan sa law firm lamang ang may hawak.

Detalye na nasa file na uwi niya nang gabing iyon para pag-aralan.

Ayaw niyang isipin ang nangyari, pero bumalik sa kanyang isipan kung paanong lumabas pa siya para bumili ng makakain at naiwang mag-isa sa condo unit niya si Grace.

Naiwan ang briefcase niya sa sala.

Bumalik ang tingin ni Mark sa natutulog na dalaga. Napailing siya sa alaala ng kahangalan niya. dahil sa delicadeza ay umatras na lang ang law firm nila sa pagtanggap ng kaso ni Simon Tan.

At ngayon ay muli niyang tinanggap si Grace sa kanyang poder. Nagduda siya sa katinuan ng pag-iisip.

Tumalikod siya at kumuha ng blanket sa closet.

One Night Of Love - Luisa Quijano

Habang kinukumutan si Grace ay umunat ito, umangat ang t-shirt at na-magnet ang mga mata niya sa balat na lumitaw sa pagitan ng t-shirt at pantalon nito. Nanuyo ang lalamunan niya nang lumantad ang pusod nito.

Mayamaya ay kumunot ang noo niya at nainis sa sarili. Ganoon na ba siya kadesperado? Pinagpapantasyahan niya ang isang babaeng walang malay at walang-laban. Pinalaki siya ng mga magulang na maging maginoo, paalala niya sa sarili.

Matapos itong kumutan ay walang lingon-likod siyang lumabas ng kuwarto.